



Seattle


Fact Sheet ng Proyekto Pagpapalano ng Jackson Hub



Ang tungkol sa proyekto na ito

Ang aming mga ahensya at mga departamento ay hindi magkakapantay na inapektuhan ang mga magkakaalipit-bahay sa Pioneer Square at sa Chinatown International District sa paggawa ng mga malakihan na proyektong imprastraktura na hindi sinesentro ang mga boses ng mga Itim, Mga Katutubo, Mga Mamamayan ng Kulay na patuloy na nagtitiis sa pasanin ng rasismo na pangsistema, COVID-19, at kaguluhang rasismo. Nais namin na lutasin ito sa pamamagitan ng pagbuo mula sa mga nakaraang mga proseso na pinangungunahan ng komunidad na pagpapalano, iangat ang mga boses ng komunidad, at pagbutihin ang pakikipag-ugnayan upang i-sentro ang pagiging parehas at makatarungan ng lahi at ituan ang pansin sa mga kahalagahan ng komunidad.

Ginagawa namin ang imbentaryo ng mga pagkilos para sa Sound Transit, Lungsod ng Seattle, King County, at iba pa upang isulong ang ninais ng komunidad na mga resulta para sa Chinatown International District at Pioneer Square na mga magkakaalipit-bahay, upang magkasama na makagawa ng isang naplano ng mabuti na daluyan ng pangunahing lugar ng transportasyon na nagsisilbi sa mga magkakaalipit-bahay, ang Lungsod, at ang rehiyon.



Ano na ang Nangyayari Ngayon?

Noong 2019, ilan sa mga Stakeholder ng South Downtown mula sa Chinatown International District at Pioneer Square ay humiling sa Lungsod, Sound Transit, at King County na magtulungan at magsama-sama sa paggawa upang:

- Suriing muli ang mga nakaraang mga plano upang maunawaan kung ano ang mga sinasabi ng mga kasapi ng komunidad sa mga nakaraan na mga 20 taon tungkol sa kanilang mga pangangailangan, mga pag-aalala, at mga prayoridad.
- Magkasama-sama na magtrabaho-at kasama ang mga kasapi ng komunidad-upang makagawa ng imbentaryo ng mga pagkilos nang bawat ahensya-dagdag ang Estado ng Washington Kagawaran ng Transportasyon at Port ng Seattle-na makapag-sulong upang suportahan ang mga prayoridad ng komunidad at mabawasan ang kapinsalaan.
- I-sentro ang mga prayoridad ng komunidad sa mga hinaharap na mga proyekto at mga plano.

Kami - ang Lungsod, Sound Transit, at King County - ay naghihintay pa rin na humupa ng sapat ang mga epekto sa pampublikong kalusugan at ekonomiya na dulot ng pandemya upang ligtas na makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad. Pansamantala, aming sinuri ang mga nakaraang resulta ng pagpapa-abot, hinangad na maunawaan kung ano ang sinabi ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa kung ano ang mahalaga sa kanila, at isinasaalang-alang kung ano ang maaaring maging kahulugan ng mga iyon para sa mga proyektong hinaharap. Ang Alyansa para sa Pioneer Square, Chinatown International District Business Improvement Area (CIDBIA), Downtown Seattle Association, Historic South Downtown, Interlm Community Development Association (Interlm CDA), at Seattle Chinatown International District Preservation and development Authority (SCIDpda) ay sinuportahan ang pagsusumikap na ito sa pamamagitan ng pagtulong sa amin upang maunawaan kung ano ang sinabi ng mga miyembro ng komunidad sa nakaraang pagpapa-abot.

Alamin pa sa www.seattle.gov/opcd/ongoing-initiatives/jackson-hub

Nangunguna sa mga Pagsusumikap sa Komunidad

Kami ay nangunguna sa mga pagsusumikap sa komunidad upang mapabuti ang magka-salo na pagkaka-unawaan ng mga nakaraan na mga pagsusumikap sa pagpapaplano sa Chinatown International District at Pioneer Square, at upang lumitaw and mga oportunidad sa pagitan ng pananaw ng komunidad at naplano na pagpapa-buti ng mga imprastruktura. Ang mga ninanais ay:

- Kilalanin ang mga lugar at grupo ng pangkaraniwan na mga tema.
- Tugunan ang mga suliranin ng komunidad at mga rekomendasyon na hindi natamo o hindi tuwiran ang pagkaksabi sa mga plano ng komunidad.
- Unawain ang mga tema ng higit pa sa kabuuan at madagdagan ang kalinawan tungkol sa layunin.
- Itampok ang mga lugar na mayroong magkakasalungat na mga rekomendasyon.
- Ipa-alam ang kaanyuan ng kapaligiran ng pagpapaplano ng 'Jackson Hub'.

Ito ay binuo namin upang itampok ang mga tema ng komunidad na palaging lumilitaw sa lahat ng mga pagsusumikap na mga pagpaplano. Ang mga tema ng komunidad na ito ay nahubog sa tagal ng panahon. Sa una, ang mga tema na ito ay nagmula sa *South Downtown Neighborhood Priorities Report (2019)* at simula noon, ay nabalak ng mabuti at pinalawak sa mga workshop kasama ang mga stakeholder at mga ahensya.

Pagandahin ang mga pampublikong espasyo, mga kalye, mga eskinita, at mga bukas na mga espasyo upang madagdagan ang kaligtasan, mga koneksyon sa lipunan, at pisikal na gawain

Mapabuti ang paggalaw at pakikipag-ugnayan partikular na sa pagitan ng mga magkakapit-bahay at mga Estasyon ng King Street at Union.

Mabawasan ang dumarami habang tumatagal na kapinsalaan sa at/o pagkakatanggal ng mga maliliit na negosyo, mga residente, at mga nonprofit, at hikayatin ang pantay-pantay na pag-unlad

Hikayatin ang pang-ekonomiya na pag-unlad

Palakihin ang benepisyo ng komunidad at pagmamay-ari ng lupain

Panatilihin ang makasaysayan at pangkultura na katangian.

Mapabuti ang karanasan at mga pananaw ng pampublikong kaligtasan

Kilalanin at tugunan ang makasay-sayang rasismo na at patuloy na inaapektuhan ang mga magkakapit-bahay

Unawaan sa mga hinaharap

- Kung naunawaan namin ng wasto ang mga nakaraang puna.
- Ano pa ang kinakailangan namin malaman.
- Kung paano namin maaring maisama ang mga prayoridad na pinangungunahan ng komunidad sa mga proyekto at mga plano sa hinaharap.
- Kasama ang mga pagkaka-antala, sama ng loob, at mga pagbabago ng pandemya, ang mga prayoridad ay maaaring nalihis at kami ay nagnanais na maunawaan kung ano pa ang matunog sa pakikipagsalamuha sa mga darating na panahon

Kontakin Kami

Kapag kami ay kinontak ninyo, mangyari lamang na ipaalam sa amin kung kailangan ninyo ng tagapagsalin



Magda Hogness

Office of Planning & Community Development
magda.hogness@seattle.gov

Lizzie Moll

Seattle Department of Transportation
lizzie.moll@seattle.gov

Alamin pa sa www.seattle.gov/opcd/ongoing-initiatives/jackson-hub